



Translation and Analysis of Tboli Folktales: Basis for Developing a Localized Module

Loraine Rose L. Alinsugay¹, Anesa P. Mangindra²

¹Department of Education, James L. Chiongbian National Trade School -Sarangani Province, Philippines
:lorainerose.lacoy@deped.gov.ph

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
apmangindra@gmail.com

Abstract

The literary works until now remain in the books or spoken by the tribal elders. Before the Spaniards arrived in the Philippines, there were already various stories in the country. This research aimed to collect Tboli folktales and translated this in Filipino language. The translated folktales were the basis for developing a localized module. Teachers and students act as respondents chosen through Purposive Sampling. It aimed to evaluate the translated texts and module based on clarity, grammar, rhetorical correctness, utility, and overall appropriateness, as well as how teachers and students perceived the module. The results indicated that students showed a very strong proficiency in Tboli Folktales and the module was well accepted in terms of objectives, content, and design. Teachers and students did not have much difference in their acceptability of the module. Overall, the study determined that the translation of Tboli Folktales from the indigenous language into Filipino enhanced the comprehensibility of the text by the students and promotes greater appreciation of the culture and language. The study suggests the adoption of the developed localized module by other schools and local languages in the Philippines, in addition to the provision of extra training for teachers to enhance the quality of language-based instruction.

Keywords: *translation, language, material and non-material culture related to teaching Folktales in Tboli.*

Panimula

Ang mga akdang pampanitikan, mula noon hanggang ngayon, ay patuloy na umiiral sa mga aklat o kaya naman ay ipinapasa-pasa ng mga nakatatanda. Bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, mayroon nang mga kwento sa bansa. Isa na rito ang mga kwento ng tribung Tboli, na maituturing na walang katapusan. Tulad ng edukasyon na walang hanggan ang kahalagahan, ito ay isang paglalakbay na magpapatuloy hangga't may mga tribung naniniwala at nagsasabuhay nito.

Sa global na batayan, ayon kina Manalo & Valerio (2020), ang isang tekstong pasalaysay ay isang teksto na naglalahad ng serye ng mga pangyayaring magkakaugnay na lohikal at kronolohikal, na dulot o naranasan kaugnay ng iba't ibang salik. Dagdag pa niya, ang susi sa pag-unawa ng isang pangyayari kung paano sila magkakaugnay. Batay kay Santos (2023), ang unang suliraning lumitaw na problema ng mga mag-aaral ay hindi binibigyang halaga ang tekstong pasalaysay sapagkat sila mismo ay walang alam sa pinagmulan at kasaysayan ng bawat kuwentong umiiral. Samantala para kay Ramirez (2020), ang ikalawang suliranin ang mga guro ay humaharap sa kakulangan at limitadong mapagkukunan ng mga lokal na kagamitang modyul bilang basehan sa pagtuturo kaya ito ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahan na magturo. Samakatuwid, ayon kay Fabian (2022) ang umiiral na sistema ay kadalasang nakatuon sa tradisyonal na pagtuturo at kulang sa paggamit ng lokal na mga lunsaran kadalasan ay galing sa ibang lugar. Kaya, ito ay hindi akma o kaugnay sa lokal na konteksto ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, iminumungkahing pagdulog sa lokal na Sangay ng mga paralan sa bayan ng Sarangani ang paggamit ng lokalisdong modyul. Katulad na lamang ng paaralan ng James L. Chiongbian National Trade School isang pampublikong paaralan na mayroong animnapu (60) na mag-aaral na kabilang sa *Indigenous People* ang nasa ikapitong baitang. Ang mag-aaral ay nakararanas sa pag-aaral ng mga balakid marahil ang kagamitang pampagtuturo na ginamit ng guro ay hindi angkop saantas ng pagkatuto ng mag-aaral (Corpuz, 2024). Ito ay nangyayari kapag hindi angkop ang panturo na ginamit ng mga guro sa pagtuturo. Kasunod nito, ang mga pagsasanay sa modyul ay hindi angkop para sa antas ng pagkatuto ng mag-aaral kaya ito ang nakikitang problema ng Kagawaran ng Edukasyon ayon sa inilahad na resulta ni Alba (2024), sa kanyang ginawang sarbey sa Dibisyon ng Sarangani. Dahil dito, naniniwala ang Kagawaran ng Edukasyon na ang paggamit ng lokalisdong modyul sa larangan ng edukasyon ay makatutulong upang mabilis na mapunan ang kinakailangan na kaalaman ng bawat mag-aaral. Kaya, sa kasalukuyan gumagawa ng mga lokalisdong modyul upang magamit ng bawat guro sa pagtuturo sa Dibisyon ng Sarangani .

Bagaman, may mga pananaliksik ng tumatalakay sa papel ng katutubong wika, ngunit batay rito ay kakaunti lamang ang mga partikular na pagsasaliksik na nakatutok sa pagdebelop, balidasyon, at akseptabilidad ng mga lokalisdong modyul na gagamitin sa pagtuturo (Bacalla, 2019 ; Bautista, 2015 ; Gaddi, 2024).

Ang layunin ng pag-aaral ay makabuo ng lokalisdong modyul na gagamitin sa pampagtuturo ng guro at pampagkatuto ng bawat mag-aaral. Alinsunod ito sa kompetensi ng Kagawaran ng Edukasyon upang mabigyan ng pansin ang bawat pangangailangan ng mag-aaral at maiangkop sa kanilang paraan ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga nakatalang aralin at gawain sa lokalisdong modyul mahahasa ang bawat kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsagot nito.

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay sukatin ang antas ng pagtanggap sa paggamit ng Modyul bilang kagamitang panturo batay sa Tekstong Pasalaysay ng mga tribung Tboli. Upang masagot ang bawat tanong:

1. Ano ang antas ng baliditi ng pagkakasalin sa wikang Filipino ng mga nalikom na mga alamat ng Tboli ayon sa:
 - 1.1 Kawastuhang Panretorika;
 - 1.2 Kawastuhang Panggramatika;
 - 1.3 Kawastuhang Pangnilalaman;
 - 1.4 Kalinawan sa salin; at
 - 1.5 Katangiang Pangpanitikan?
2. Ano-anong mga materyal at di-materyal na kultura ang masasalaman sa nalikom mga alamat?
3. Ano ang antas ng baliditi ng nabuong modyul mula sa nalikom na mga alamat ayon sa:
 - 3.1 Bisa ng nilalaman;
 - 3.2 Pagkagamitin; at
 - 3.3 Kaangkupan?
4. Ano ang antas ng akseptabiliti ng nabuong modyul mula sa mga guro batay sa:
 - 4.1 Layunin;
 - 4.2 Nilalaman;
 - 4.3 Pormat;
 - 4.4 Presentasyon at Organisasyon; at
 - 4.5 Pagsasanay?
5. Ano ang antas ng akseptabiliti ng nabuong modyul sa mga mag-aaral batay sa:
 - 5.1 Layunin;
 - 5.2 Nilalaman;
 - 5.3 Pormat;
 - 5.4 Presentasyon at Organisasyon; at
 - 5.5 Pagsasanay?

METODOLOHIYA

2.1 Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamamaraang deskriptib-debelopmental. Ang deskriptib-debelopmental ay mainam gamitin kung ang layunin ng isasagawang pag-aaral ay malaman ang katangian o kasanayan upang makabuo ng isang awtput para sa pagkatuto ng mga estudyante. Dagdag pa nina Cruz at Dizon (2021), may apat ito na yugto na binubuo ng sumusunod: analisis, disenyo, debelopment, at ebalwasyon. (Esterla & Marbella, 2014)

2.2 Respondente

Mayroong anim (6) na balideytor ng pagsasalin sila ay mga guro sa Filipino na kabilang sa tribung Tboli, kasunod ay talumpu (30) na balideytor ng lokalisadong modyul kung saan sila ay mga gurong nagtuturo sa Filipino. Kasunod nito, ang balidasyon ng modyul ay isinagawa sa pagtukoy ng akseptabiliti sa guro at mag-aaral. Ang respondente sa pag-aaral ay tatlumpung (30) guro na may karanasan sa pagtuturo ng wikang Filipino,

mula sa iba't ibang paaralan sa Kiamba 1, 2 at 3 sa Dibisyon ng Sarangani. Samantala, ang kasunod na respondente ay animnapu (60) mag-aaral mula sa Baitang 8 at kabilang sa *Indigenous People* na Tboli ng James L. Chiongbian National Trade School sa Kling, Kiamba Sarangani Province na magiging bahagi ng pag-aaral sa taong panuruan 2024-2025.

2.3 Instrumento

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito naging gabay na tanong sa pagsasagawa ng *unstructured interview* sa pamamagitan ng Focus Group Discussion (FGD) batay kay (Taherdoost, 2021). Gumamit ng *field notes* upang masigurong maitala at hindi mawala ang mahahalagang impormasyon (Bolderston, 2022). Itatala sa *field notes* ng mananaliksik ang mga obserbasyong hindi berbal sa mga kalahok (Creswell at Poth, 2018). Pagkatapos na makuha ang datos, isinagawa ang transkripsiyon at ipapakita ito sa mga kalahok para sa beripikasyon. Pangalawa, ang instrumento na ginamit ay talatanungan ng antas ng baliditi sa pagkakasalin batay sa kawastuhang panretorika, kawastuhang panggramatika, kalinawan ng salin, at katangiang pampanitikan mula sa wikang Tboli patungo sa wikang Filipino sa nalikom na tekstong pasalaysay.

RESULTA

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng resulta ng antas ng baliditi ng isinaling tekstong pasalaysay ng mga Tboli sa wikang Filipino.

Talahanayan 1. Antas ng Baliditi ng Isinaling Tekstong Pasalaysay ng mga Tboli

Mga Pamantayan	Mean	SD	Deskripsyon
1.Kawastuhang Panretorika	4.57	0.61	Napakaangkop
2.Kawastuhang Panggramatika	4.50	0.61	Mas angkop
3. Kalinawan ng Salin	4.57	0.73	Mas angkop
4. Katangiang Pampanitikan	4.63	0.64	Mas angkop
Kabuoan	4.57	0.67	Napakaangkop

Ipinapakita sa talahanayan 1, na nakakuha ang unang pamantayan ng Kawastuhang Panretorika ($M=4.57, SD=0.61$) na may deskriptibong reyting na napakaangkop ng salin, ang sumunod ay nakakuha naman ang Kawastuhang Panggramatika ($M=4.50, SD=0.55$), Kawastuhan ng Salin ($M=4.57, SD=0.73$) at Kawastuhang Pampanitikan ($M=4.63, SD=0.64$) na pawang may parehong deskriptibong reyting na mas angkop ang pagkakasalin. Sa pangkalahatan, ang isinaling tekstong pasalaysay ay nagkaroon ng kabuoang reyting na ($M=4.57, SD=0.65$) na nangangahulugang napaangkop ang ginawang pagsasalin.

Ang susunod na talahanayan 2 ay naglalahad ng materyal na kultura na may malaking papel sa paghubog ng kasaysayan at naging susi upang maipakita ang pag-usbong ng kultura.

Talahanayan 2. Mga Materyal na Kultura mula sa Sinuring Tekstong Pasalaysay

Materyal na Kultura	Akda	Matatagpuan
---------------------	------	-------------

Kgal Saro, Tapestry, Olew	Alamat ng Maligang	Ikalawang Talata ng Teksto
Kgal Bengkas, Burda, Fan De, Sudong, Sunggod	Alamat ng Maligang	Ikatlo at ikaapat na pangungusap
halamang gamot	Tau Mulong Ludan	Unang Talata, Ikatlong pangungusap
bubong	Ang Anak na si Oyok	Unang saknong , unang taludtod
trak, limang sentimo	Lola Tundin	Unang saknong , ikatlo, ikaapat, ikalima, anim, pitong taludtod
likido ng halaman gamot	Kumadrona	Ikatlong talata, Ikaapat na pangungusap

Makikita sa Talahanayan 2, ang resulta ng pagsusuri sa materyal na kultura ng Tboli katulad ng Kgal Bengkas, Burda, Fan De, Sudong, Sunggod, Kgal Saro, Tapestry, Olew matatagpuan sa akdang Alamat ng Maligang. Kasunod, halaman gamot makikita sa Tau Mulong Ludan, bubong sa Ang anak na si Oyo, trak, limang sentimo kay Lola Tundin at likido ng halaman gamot sa kumadrona batay sa pagsusuri ng tekstong ginawa ay nakatuon sa mga bagay at pisikal na aspeto na ginamit sa pamumuhay ng tribu ang nasuri ng mga mananaliksik.

Ang susunod na talahanayan ay naglalahad ng di-materyal na kultura na masasalin sa sinuring mga alamat. Kinabibilangan ito ng mga paniniwala, tradisyon at pagpapahalaga sa isang lipunan.

Talahanayan 3. Mga Di-Materyal na Kultura mula sa Sinuring Tekstong Pasalaysay

Di-Materyal na Kultura	Akda	Matatagpuan
Pagpapakasal	Alamat ng Maligang	Unang talata, unang pangungusap
Karunungan , Kaalaman Misyon	Ang Sinaunang Tao	Ikatlong pangungusap Ikatlong talata, una at ikaapat na pangungusap
Oyayi ng Tboli	Ang anak nasi Oyok Lola Tundin	pamagat
Espiritu at Diwata Kasanayan, Paniniwala	Busao	Ikatlong talata, unang pangungusap Iklimang talata, unang pangungusap

Batay sa lumabas na resulta ng talahanayan 3, ang di- materyal katulad ng pagpapakasal matatagpuan sa tekstong Alamat ng Maligang, sunod nito ay Karunungan , Kaalaman at misyon sa teksto na pinamagatang Ang sinaunang Tao, sunod nito Oyayi ng Tboli sa teksto- ng Ang anak na si Oyok at panghuli ay Espiritu, Diwata ,Kasanayan at panini-wala sa tekstong pinamagatang Busao.

Ang susunod na talahanayan ay naglalahad ng antas ng baliditi ng Lokalisadong Modyul. Tumutukoy ito upang pagtimbangin ang bawat ideya at paralelismo sa loob ng pangungusap. Tinitiyakin din dapat ng wasto ang mga bawat pangungusap.

Talahanayan 4. Resulta ng Antas ng Baliditi ng Lokalisadong Modyul

<https://ijase.org>

Mga Pamantayan	Mean	SD	Deskripsyon
1. Bisa ng Nilalaman	4.42	0.51	Lubos na balido
2. Pagkagamitin(Usability)	4.56	0.57	Lubos na balido
3. Kaangkupan(Relevance)Pagka kabuo	4.44	0.52	Lubo na balido
Kabuoan	4.47	0.53	Lubos na balido

Makikita sa talahanayan 4, na nakakuha ang unang pamantayan batay sa Bisa ng Nilalaman ($M=4.42, SD=0.51$), Pagkagamitin ng ($M=4.56, SD=0.57$), Kaangkupan at Pagkakabuo ay nakakuha ng ($M=4.44, SD=0.52$) ay parehong nakakuha ng deskriptibong reyting na Lubos na balido. Ang pangkabuoang reyting ($M=4.47, SD=0.53$) ay nangangahulugang lubos na balido ang nabuong Lokalisadong Modyul.

Ang susunod na talahanayan ay naglalahad ng antas ng akseptabiliti ng isinaling lokalisadong modyul mula sa mga guro.

Talananayan 5. Result ng Antas ng Akseptabiliti ng Lokalisadong Modyul mula sa mga Guro

Mga Pamantayan	Mean	SD	Deskripsyon
1. Layunin	4.89	0.30	Katanggap-tanggap
2. Nilalaman	4.87	0.33	Katanggap-tanggap
3. Pormat (Pagkakabuo)	4.85	0.35	Katanggap-tanggap
4. Ilustrasyon	4.48	0.39	Katanggap-tanggap
5. Disenyo	4.61	0.50	Katanggap-tanggap
6. Presentasyon at Organisasyon	4.83	0.37	Katanggap-tanggap
7. Pagsasanay	4.82	0.39	Katanggap-tanggap
Kabuoan	4.81	0.37	Katanggap-tanggap

Batay sa talahanayan 5, ang antas ng akseptabiliti ng Lokalisadong Modyul ay nakakuha ng unang pamantayan batay sa Layunin ($M=4.89, SD=0.30$) na may deskriptibong reyting na Katanggap-tanggap ang modyul, nakakuha ang Nilalaman ($M=4.87, SD=0.33$), ang Pormat ay nakakuha ng ($M=4.85, SD=0.35$), Ilustrasyon ng ($M=4.48, SD=0.39$), Disenyo ay nagkaroon ng reyting na ($M=4.61, SD=0.50$), Presentasyon at Organisasyon ay nakakuha ng ($M=4.83, SD=0.37$) at Pagsasanay ay nakakuha ng ($M=4.82, SD=0.39$) na may parehong deskriptibong reyting na Katanggap-tanggap lahat. Ang kabuoang reyting ($M=4.81, SD=0.37$) ay nangangahulugang Katanggap-tanggap.

Ang susunod na talahanayan ay naglalahad ng resulta ng akseptabiliti ng mga mag-aaral. Kung saan nakatuon sa aspekto ng pananaw sa lokalisadong modyul na nabuo.

Talananayan 6. Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Lokalisadong Modyul mula sa mga Mag-aaral

Mga Pamantayan	Mean	SD	Deskripsyon
1. Layunin	9.29	0.52	Lubos na Katanggap-tanggap
2. Nilalaman	9.33	0.48	Lubos na Katanggap-tanggap
3. Format(Pagkakabuo)	9.36	0.47	Lubos na Katanggap-tanggap

4. Ilustrasyon	9.39	0.46	Lubos na Katanggap-tanggap
5. Disenyo	9.32	0.47	Lubos na Katanggap-tanggap
6. Presentasyon at Organisasyon	9.31	0.48	Lubos na Katanggap-tanggap
7. Pagsasanay	9.38	0.46	Lubos na Katanggap-tanggap
Kabuoan	9.34	0.48	Lubos na Katanggap-tanggap

Ipinapakita sa talahanayan 6, ang antas ng akseptabiliti sa Lokalisadong Modyul mula sa mag-aaral. Nakakuha ang unang pamantayan batay sa Layunin ($M=9.29, SD=0.52$), sumunod ang Nilalaman ($M=9.33, SD=0.48$), sumunod ang Pormat (Pagkakabuo) ay nakakuha ng ($M=9.36, SD=0.47$), at Ilustrasyon nakakuha ng ($M=9.39, SD=0.46$), sa Disenyo ay nakakuha ng ($M=9.32, SD=0.47$), Presentasyon at Organisasyon ay nakakuha ng ($M=9.31, SD=0.48$), Pagsasanay ay nakakuha ng ($M=9.38, SD=0.46$) na parehong may deskriptibong reyting na Lubos na Katanggap-tanggap. Ang kabuoang reyting ($M=9.34, SD=0.48$) ay nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap.

INTERPRETASYON

Ang pag-aaral ay nagsagawa ng paglilikom, pagsasalin at pagsusuri ng Tekstong Pasalaysay ng tribung Tboli bilang kagamitang pampagkatuturo at pampagkatuto ng bawat mag-aaral, upang matugunan ang suliraning kinakaharap tulad ng kakulangan sa angkop na modyul at limitadong lokal na materyales sa pagtuturo. Gumawa ng pagsasalin ang mananaliksik at ginamitan ng balidasyon sa pagsasalin kung saan lumitaw sa pananaliksik ang antas ng baliditi ng pagsasalin sa tekstong Tboli patungo sa wikang Filipino ay nagkaroon ng kabuoang reyting na ($M=4.57, SD=0.65$) na nangangahulugang napakaangkop ang ginagawang pagsasalin ng tekstong pasalaysay ng mga Tboli.

Ipinakita ng resulta ng materyal at di-materyal na kultura ang paghubog ng kaalaman ng mga mag-aaral ay napakahalaga habang tinatamasa ang makabagong panahon. Kailangang panatilihin sa bawat mag-aaral ang kulturang kinagisan ng may pagmamahal at pagbabalik-tanaw sa nakaraan upang hindi makalimutan ang identidad ng tribung pinagmula.

Mula sa lumabas na mga resulta nangangahulugang na ang nabuong Lokalisadong Modyul ay epektibo at maaring gamitin bilang kagamitang pampagtuturo. Natuklasan din ng mananaliksik mataas ang nakuhang reyting ng Anats ng Baliditi ng Lokalisadong Modyul ($M=4.47, SD=0.53$) na nangangahulugang Lubos na balido.

Batay sa isinagawang balidasyon ng akseptabiliti ng guro at mag-aaral lumabas na epektibo ang paggamit ng lokalisadong modyul na nauugnay sa konteksto ng mga mag-aaral. Makatutulong ito upang mabigyang solusyon ang pangangailangan ng bawat mag-aaral at mapabuti ang kanilang pagkatuto partikular na sa mga lugar tulad ng Sarangani. Ang naging resulta ay Katanggap-tanggap ang akseptabiliti ng modyul mula sa guro na

may kabuoang reyting ($M=4.81, SD=0.37$) at kasunod nito akseptabiliti ng modyul mula sa mag-aaral ay may kabuoang reyting ($M=9.34, SD=0.48$) ay nangangahulugang Lubos na Katanggap-tanggap.

Sa kabuoan, ang Lokalisadong Modyul ng mga Tboli ay may mataas na kredibilidad bilang isang lunsaran ng pampagtuturo at pampagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Gayunpaman, kinakailangan pa rin ang patuloy na rebisyon at pagpapabuti upang higit pang mapataas ang kalidad nito, lalo na sa aspekto ng katumpakan ng nilalaman at integrasyong kultural.

Konklusyon

Ang lumabas sa resulta ng pananaliksik na ito, ang pagsasalin ay isang proseso ng pag-unawa at pagpapalaganap ng kaalaman mula sa isang wika patungo sa iba. Sa pamamagitan ng pagsasalin, nagkaroon ng pagkakataon ang mga guro at mag-aaral na maabot ang mga ideya, kultura, at impormasyon. Sapagkat kailangang maging tapat at wasto sa pagsasalin para maiwasan ang maling pagpapakahulugan at pagkasira ng orihinal na mensahe. Kaya, ang pagsasalin ay hindi lamang isang mekanikal na gawain ng pagpapalit ng mga salita, kundi isang sining ng pagpapahayag ng mga ideya sa isang bagong konteksto at wika, nang may paggalang sa orihinal na kahulugan at nilalaman.

Ang kultura ng Tboli ay hindi lamang nagsisilbing kagamitan, nagsasaad din ng kahalagahan bilang pamana sa buhay. Ang mga teksto nila ay nakatutok sa simbolismo at mga mensahe ng kanilang pananaw sa buhay, kalikasan at mga espiritu. Ang mga aral sa teksto ay nagpapamalas ng kanilang malalim na koneksyon sa kanilang komunidad at sa kanilang mga ninuno. Nagsisilbing salamin ng pag-unawa ng kanilang mga tradisyon, pagpapahalaga at pagpapakita ng isang balanseng ugnayan ng materyal at di-materyal na aspeto sa kanilang pamumuhay. Marahil ito ay nagpapakita ng isang paraan ng pagpapasa ng kaalaman at pagpapahalaga sa mga susunod na henerasyon.

Ang lokalisadong modyul na nabuo ay natatangi at epektibo bilang isang lunsaran sa pampagkatuto sa paaralan. Ang lokal na konteksto ay nagbibigay ng mas malalim na koneksiyon sa mga mag-aaral, dahil ito ay mas nakaugnay sa kung ano man ang kanilang buhay at karanasan. Ang nilalaman ay inangkop sa lokal na kalakaran kung saan nagpapadali ng kanilang pag-unawa at pagkatuto, kaya nagiging mas makabuluhan ang kanilang edukasyon. Gayunpaman, mahalaga pa ring tiyakin na ang mga modyul ay may tamang kalidad, na hindi nakakompromiso ang mga prinsipyo ng edukasyon at mga layunin ng kurikulum. Isang hakbang tungo sa isang mas inklusibong sistema ng edukasyon na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kanilang mga komunidad.

Ang paggamit ng mga guro ng lokalisadong modyul ay lubos na katanggap-tanggap at epektibo sa kanilang pagtuturo. Nakikinabang ang mga guro mula sa mga modyul na ito sapagkat nakakatulong ito upang gawing mas makabuluhan ang mga aralin sa mga mag-

aaral. Sapagkat ang materyal ay nakatuon sa lokal na konteksto, nagiging mas madaling maintindihan at magamit ng mga mag-aaral ang mga konsepto at kasanayan na itinuturo.

May malaking naitulong ang paggamit ng lokalisadong modyul na naging daan upang mas mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paraan ng pagsasama ng kanilang sariling kultura, karanasan at kapaligiran sa kanilang edukasyon. Isang pahiwatig na ang pagkakataon sa mga mag-aaral upang ibahagi at ituro ang mga natutunan. Kinakailangan ng guro ng mas malawak na kakayahan upang magturo nang naaayon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang pagsang-ayon ng guro sa paggamit ng mga modyul ay nagpapakita ng kanilang pagtangkilik at pag-unawa sa kahalagahan ng pag-angkop ng edukasyon sa lokal na konteksto, na siya ring nagiging susi sa tagumpay ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagkatuto.

Sa pagtanggap ng mga mag-aaral malaking pakinabang ang paggamit lokalisadong modyul ay isang tasaan ng kanilang aktibong partisipasyon at ang mabuting tagumpay ng modyul bilang isang makabago at epektibong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Isang malaking hakbang patungo sa isang mas inklusibo at angkop na sistema ng edukasyon. Mas nauunawaan ang mga aralin sapagkat nakabatay sa kanilang lokal na wika, kultura at karanasan. Kaakibat nito ang pagpasasama ng mga lokal na katangian, mas aktibo at masigasig ang mga mag-aaral sa klase. Pinapahusay nito ang interes at pagpapahalaga nila sa mga aralin, sapagkat pinaramdam sa kanila na may kaugnayan ito sa kanilang lipunan.

SANGGUNIAN

- [1] Baldestamon, J. (2024). PA-KA-LE: Baryasyog leksikal ng wikang Hiligaynon sa probinsya ng Sultan Kudarat bilang batayan sa pagbuo ng diksyunaryo.
- [2] Bolderston, A. (2012). Conducting a research interview. *Journal of Medical Imaging and Radiation Sciences*, 43(1), 66-76.
- [3] Bonganciso, R. T. (2015). Effects of contextualization on the reading comprehension performance of the Filipino learners. *Philippine Normal University Visayas*.
- [4] Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2017). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th ed.). Sage Publications.
- [5] Fabian, A. B. (2022). Pamagat ng akda o pag-aaral. *Pangalan ng Journal o Aklat*, 12(4), 85-100. <https://doi.org/xx.xx>
- [6] De Leon, J. A. (2017). Pagsusuri ng tekstong pasalaysay sa Filipino: Paglalahad ng mga estruktura at tema. In R. P. Santos (Ed.), *Mga teorya at pagsasanay sa pagsusuri ng panitikan* (pp. 45-62). University of the Philippines Press.
- [7] Department of Education. (2020). *Filipino MELCs*. Department of Education. https://drive.google.com/file/d/1FzyAPihxfVnQmeaNbXpMK2K_tvyY9KA/viewDepEdMELCs
- [8] Ndamba, G. T., Van Wyk, M. M., & Sithole, J. C. (2017). Competing purposes: Mother tongue education benefits versus economic interests in rural Zimbabwe. *The International Indigenous Policy Journal*, 8(1). <https://doi.org/10.18584/iipj.2017.8.1.1>



- [9] Macaltao, R. (2020). Proximate biochemical composition and antinutritional analyses of the selected parts of yacon (*Smallanthus sonchifolius*). *Asian Journal of Biological and Life Sciences*, 9(1), 34-41. <https://doi.org/>
- [10] Macabacyao, R., et al. (2021). *Kulturang Tboli*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/x>
- [11] Manalo, C. L., & Valerio, F. B. (2020). Pagbuo at pagsusuri ng tekstong pasalaysay: Mga teknik sa paglalahad ng magkakaugnay na pangyayari. *Filipino Studies Journal*, 19(1), 12-24. <https://doi.org/10.5678/fsj.2020.19.1.12>
- [12] Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(2), 17-26. <https://doi.org/10.5678/fsj.2020.19.1.12>
- [13] Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4), 101-110. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.626>
- [14] Pajares, R. M. (2024). *Kultura ng mga Tboli ng Sarangani*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/>
- [15] Pateros, J. M. (2023). Modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat at pagkatuto sa ikapitong baitang. Unpublished manuscript.
- [16] Ramirez, J. S. (2020). Pag-aaral ng mga teknik ng tekstong pasalaysay sa Filipino: Pagpapahalaga sa kronolohiya at lohika ng mga pangyayari. *Journal of Filipino Literary Analysis*, 18(3), 78-91. <https://doi.org/10.5678/jfla.2020.18.3.78>
- [17] Santos, R. P. (2023). Pag-aaral sa estruktura ng tekstong pasalaysay sa panitikan ng mga Pilipino: Mga aspeto ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari at tema. *Journal of Filipino Literature Studies*, 29(1), 45-59. <https://doi.org/10.5678/jfls.2023.29.1.45>
- [18] Santos, L. G., & Salazar, M. J. (2017). Integrating local culture into the curriculum: The case of culturally relevant modules in Southern Philippines. *Journal of Southeast Asian Education*, 25(2), 44-56.
- [19] Taherdoost, H. (2021). Data collection methods and tools for research: A step-by-step guide to choose data collection technique for academic and business research projects. *International Journal of Academic Research in Management*, 10(1), 10